



Public Safety  
Canada

Sécurité publique  
Canada

Pagbuo ng isang **ligtas**  
at **matibay na canada**

# Mga Biktima ng Krimen

## Pananatiling may Alam



**Pambansang Opisina para sa Mga Biktima**  
**National Office for Victims**  
[publicsafety.gc.ca/nov](http://publicsafety.gc.ca/nov)

Canada



I-scan ang QR Code o i-click ang link sa ibaba para sa isang ganap na naa-access na online na bersyon ng dokumentong ito sa Ingles. Sa kanang bahagi ng webpage ay may link para sa isang bersyon sa Tagalog/Filipino.

**[canada.ca/victims-crime-staying-informed](https://canada.ca/victims-crime-staying-informed)**

Ipinapaliwanag ng buklet na ito kung sino ang itinuturing na biktima ng krimen, ang kanilang mga karapatan bilang biktima, at ang mga uri ng impormasyong matatanggap nila; gayundin, utos at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga nauugnay na departamento ng pamahalaang pederal.

Para sa impormasyon tungkol sa copyright:

**[communications@ps-sp.gc.ca](mailto:communications@ps-sp.gc.ca)**

Also available in English:  
see back cover

Aussi disponible en français :  
voir la couverture arrière

© His Majesty the King in Right  
of Canada, as represented  
by the Ministers of Public  
Safety and Emergency  
Preparedness, 2026.

© Sa Majesté le Roi du Chef  
du Canada, représenté par  
les ministres de la Sécurité  
publique et de la Protection  
civile, 2026.

Cat. No. / No Cat : Paper/papier PS4-69/2023Chp;  
PDF PS4-69/2023Chp-PDF

ISBN : Paper/papier 978-0-660-47508-0;  
PDF 978-0-660-47507-3

Tagalog (Filipino)

# Mga Biktima ng Krimen – Pananatiling may Alam

Sa ilalim ng batas ng Canada, ang mga biktima ng mga pederal na may sala (ang mga may sala na nakatanggap ng sentensya na pagkabilanggo ng dalawang taon o higit pa, o kaya ay nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng Serbiyong Pangwasto ng Canada [Correctional Service of Canada (CSC) / Service Correctionnel du Canada (SCC)] o Lupon ng Paglayang may Kundisyon ng Canada [Parole Board of Canada (PBC) / Commission des libérations conditionnelles du Canada (CLCC)] ay may karapatang tumanggap ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa mga tao na nanakit sa kanila. Hindi awtomatikong ibinibigay ang impormasyong ito – dapat magsumite ng isang nakasulat na kahilingan sa alinman sa CSC o PBC sa pamamagitan ng isang proseso na karaniwang tinutukoy na pagpaparehistro.

Dahil sa kamakailan lang na napasang *Katipunan ng Mga Karapatan ng Mga Biktima sa Canada* [Canadian Victim Bill of Rights (CVBR) / Charte canadienne des droits des victimes (CCDV)],

nadagdagan ang dami at uri ng impormasyon na may karapatang matanggap ng mga nakarehistrong biktima. Ang libritong ito ay nagbibigay sa mga biktima ng impormasyon tungkol sa kung ano ang may karapatan silang malaman, kabilang ang mga bagong pribilehiyo na nakapaloob sa CVBR/CCDV, paano makuha ang impormasyong iyon, ang bahaging maaaring gampanan ng mga biktima sa proseso ng pagpapasya ng CSC at PBC at iba pang mga serbisyong inaalok sa pederal na antas.

## **May Karapatan Ba Kayong Makatanggap ng Impormasyon?**

May karapatan kayong makatanggap ng impormasyon tungkol sa isang pederal na may sala kung:

- kayo ay nakaranas ng pisikal o emosyonal na panakit, pinsala sa ari-arian o pagkalugi bilang resulta ng isang kriminal na pagkakasala ng isang tao, kahit na ang taong nanakit sa inyo ay hindi pa nausig o nahatulan para sa mga pagkakasala laban sa inyo, ngunit nagsampa na kayo ng reklamo sa pulis o sa Crown Attorney; o

- kayo ay asawa, kamag-anak, kinakasama o dependent ng biktima, o responsable para sa pag-aalaga o pagsuporta sa isang biktima, sa pamamagitan ng batas o kustodiya, kung saan ang biktima ay walang kakayahang kumilos para sa kanyang sarili (hal., ang biktima ay may sakit, may kapansanan o isang bata); o
- kayo ay responsable para sa pag-aalaga o pagsuporta sa (mga) dependent ng biktima sa kaso na kung saan ang biktima ay namatay na o walang kakayahang kumilos para sa kanyang sarili.

## **Paano Kayo Maaaring Tumanggap ng Impormasyon?**

Ang impormasyon tungkol sa isang nagkasala ay hindi awtomatikong ibinibigay. Kinakailangan ninyo o ng isang taong inyong binigyan ng awtorisasyon sa pamamagitan ng kasulatan na gumanap sa inyong ngalan na magsumite ng isang nakasulat na kahilingan para sa impormasyon, na karaniwang tinutukoy bilang “pagparehistro.” Kung ang may sala ay nahatulan ng dalawang taon o higit pa, ang mga indibidwal ay maaaring makipag-ugnayan sa alinman sa CSC o PBC upang humiling ng

impormasyon. Kapag nakapagparehistro na kayo sa isa sa alinmang organisasyon, magkakaroon kayo ng karapatang tumanggap ng impormasyon mula sa dalawang organisasyon.

Kung nasa ilalim ng hurisdiksyon ng province ang nagkasala (ibig sabihin, binubuno ng nagkasala ang sentensya na wala pang dalawang taon), maaari kang makipag-ugnayan sa provincial na tanggapan ng serbisyo para sa biktima (provincial victim service office o PBC) upang makatanggap ng impormasyon. Sa Ontario, Quebec, at Alberta, kakailanganin mong makipag-ugnayan sa mga provincial na lupon para sa parole ng mga province na iyon.

## **Paano Kayo Maaaring Magparehistro?**

Upang malaman kung paano magparehistro para sa pederal na serbisyo ng abiso para sa biktima at upang makakuha ng iba pang mga pangkalahatang impormasyon, mangyaring tumawag sa:

**Serbisyong Pangwasto ng Canada** (Correctional Service of Canada/Service Correctionnel du Canada) **1-866-806-2275** (libreng tawag)  
**[canada.ca/en/correctional-service/services/you-csc/victims/register](https://canada.ca/en/correctional-service/services/you-csc/victims/register)**

## **Lupon ng Paglayang may Kundisyon ng Canada**

(Parole Board of Canada/Commission des libérations conditionnelles du Canada)

**1-866-789-4636** (libreng tawag)

**[canada.ca/en/parole-board/how-to-register-as-a-victim](http://canada.ca/en/parole-board/how-to-register-as-a-victim)**

Upang matiyak na kayo ay patuloy na makakatanggap ng mga napapanahong abiso mula sa CSC o PBC, mahalaga na ipaalam sa mga ahensyang ito kung magbago ang inyong mga impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Upang magparehistro para sa abiso tungkol sa mga nagkasalang binubuno ang sentensya sa province ng Alberta, makipag-ugnayan sa Lupon para sa Parole ng Alberta sa **[JSG.AB-ParoleBoard@gov.ab.ca](mailto:JSG.AB-ParoleBoard@gov.ab.ca)**; sa province ng Ontario, maaari kang makipag-ugnayan sa Lupon para sa Parole ng Ontario sa **1-888-579-2888**; sa Quebec, makipagugnayan sa Lupon para sa Parole ng Quebec sa **1-866-909-8913**; at sa iba pang province, makipag-ugnayan sa PBC o mga provincial na serbisyo para sa biktima para sa province na iyon. Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga provincial na serbisyo para sa biktima sa Direktoryo ng Mga Serbisyo para sa

Biktima sa [justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimes/vsd-rsv](https://justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimes/vsd-rsv).

## Anong Impormasyon ang May Karapatan Kayong Matanggap?

Sa pagparehistro sa CSC o PBC, **bibigyan** kayo ng mga sumusunod:

- ang pangalan ng may sala;
- ang kasalanan kung bakit nahatulan ang may sala at ang hukuman na humatol sa may sala;
- ang panahon ng pagsisimula ang sentensya at ang haba ng sentensya; at
- ang mga petsa ng pagiging karapat-dapat at pagrepaso na naaangkop sa may sala para sa mga pansamantalang pagliban o paglayang may kundisyon.

Bilang karagdagan, bilang isang nakarehistrong biktima, kayo ay **maaari** ding mabigyan ng mga sumusunod na impormasyon, kung naniniwala ang Komisyoner ng CSC o ang Tagapangulo ng PBC na ang inyong mga interes ay malinaw na mas matibang sa anumang panghihimasok sa pagkapribado ng may sala na maaaring magresulta

sa pagpapalabas ng impormasyong ito:

- ang edad ng may sala;
- ang pangalan at lokasyon ng bilangguan kung saan inihahain ang sentensya;
- kung inilipat ang may sala, ang buod ng mga dahilan para sa paglipat at ang pangalan at lokasyon ng bilangguan kung saan inihahain ang sentensya, kabilang ang paunang abiso, hangga't maaari, ng mga paglipat sa mga institusyon na may minimum na seguridad;
- ang abiso ng CSC ng pag-alis ng may sala mula sa Canada sa ilalim ng Batas para sa Pangangalaga sa Imigrasyon at Refugee [*Immigration and Refugee Protection Act / Loi sur l'immigration et la protection des réfugiés*] bago ang katapusan ng sentensya;
- ang mga programa kung saan ang may sala ay lumalahok o nakilahok;
- ang mga matinding paglabag sa disiplina na nagawa ng may sala;
- ang petsa ng anumang paglilitis para sa mga layunin ng pagrepaso ng PBC;

- kung ang may sala ay nakabilanggo at, kung hindi, ay bakit;
- kung inapela o hindi ng may sala ang isang pasya ng PBC at ang kinalabasan ng apelang iyon; at
- ang dahilan para sa pagsusuko ng karapatan sa isang paglilitis sa ilalim ng seksyon 140(1) ng Batas para sa Mga Pagwawasto at Kundisyonal na Paglaya [*Corrections and Conditional Release Act (CCRA)/ Loi sur le système correctionnel et la mise en liberté sous condition (LSCMLC)*] kung may ibinigay ang may sala.

Ang sumusunod na impormasyon ay **maaari** ding ibigay sa inyo ng Tagapangulo ng PBC<sup>1</sup> o ng Komisyoner ng CSC<sup>2</sup>:

- ang petsa, kung mayroon man, kung kailan ang

---

<sup>1</sup> Kung natukoy ng Tagapangulo ng PBC (o mga tauhan na itinalaga) na ang interes ng biktima ay malinaw na mas matimbang sa isang panghihimasok sa pagkapribado ng may sala na maaaring magresulta mula sa pagbubunyag.

<sup>2</sup> Kung natukoy ng Komisyoner ng CSC (o mga tauhan na itinalaga) na ang pagbubunyag ng impormasyon ay walang negatibong epekto sa kaligtasan ng publiko.

may sala ay mapapalaya sa pansamantalang pagliban, pagpapalaya para sa trabaho, paglayang may kundisyon o pagpapalaya ayon sa batas;

- anuman sa mga kundisyong nakalakup sa walang bantay na pansamantalang pagliban ng nagkasala, pagpapalaya para sa trabaho, paglayang may kundisyon o pagpapapalaya ayon sa batas at ang mga dahilan para sa anumang pansamantalang pagliban; at
- ang destinasyon ng may sala kapag napalaya sa anumang pansamantalang pagliban, pagpapalaya para sa trabaho, paglayang may kundisyon o pagpapalaya ayon sa batas at kung ang may sala ay malapit sa paligid ng biktima habang naglalakbay patungo sa destinasyong iyon.

Kapag ang impormasyong ito ay ibibigay sa inyo ng Komisioner ng CSC, dapat iyong ibigay 14 na araw bago ang paglaya ng may sala, kung maaari. Higit pa rito, dapat kayong abisuhan ng Komisioner ng CSC kung magbago ang anuman sa mga impormasyong ito.

Kung ililipat ang may sala sa isang pamprobinsyang pangwastong pasilidad, maaari ninyong matanggap ang pangalan ng probinsya kung saan matatagpuan ang pasilidad na ito.

Bilang isang nakarehistrong biktima, maaari ninyong bawiin ang inyong kahilingan para sa impormasyon tungkol sa may sala anumang oras.

## **Karagdagang impormasyon na may karapatan kayong matanggap mula sa Lupon ng Paglayang may Kundisyon ng Canada**

Ang mga biktima at ang pangkalahatang publiko ay maaaring humiling ng mga pasya ng PBC mula sa Rehistro ng Pasya ng PBC. Maaaring kabilang sa mga dokumentong ito ang mga dahilan para sa mga pasya na may kaugnayan sa kundisyonal na paglaya, ang pagbalik ng may sala sa bilangguan, detensyon at ang mga pasya at dahilan ng Dibisyon ng Apela ng PBC (Appeal Division/Section d'appel). Maaaring alisin ng PBC ang impormasyon sa mga nakasulat na pasyang ito na maaaring magbunyag ng isang kumpidensiyal na pinagkukunan ng impormasyon, malagay sa panganib ang kaligtasan ng isang tao o mahadlangan ang pagbalik ng may sala sa lipunan bilang isang mamamayang sumusunod sa batas.

## **May Karapatan Kayong Magsalita sa Mga Proseso ng Pagwawasto at Paggawad ng Paglayang may Kundisyon**

Ang CSC at PBC ay malugod na tumatanggap ng anumang impormasyon na maaaring mayroon kayo tungkol sa mga alalahanin sa kaligtasan at ang epekto ng pagkakasala sa inyo, sa inyong pamilya o sa komunidad. Maaaring ibigay ng mga biktima, anumang oras, ang impormasyong ito o ang anumang iba pang impormasyon na sa tingin nila ay may kaugnayan sa alinman sa CSC o PBC. Maaari din ninyong hilingin na dumalo sa paglilitis ng paglayang may kundisyon ng may sala bilang isang tagamasid at maaaring magbasa ng isang nakasulat na pahayag sa mga miyembro ng Lupong ng PBC, na nagdedetalye ng mga pisikal, emosyonal at/o pinansyal na epekto (kabilang ang pinsala sa ari-arian o pagkalugi) ng pagkakasala sa inyo. Maaari ding kayong magsumite ng isang video o audio recording ng inyong pahayag, na ihaharap sa mga miyembro ng PBC sa panahon ng paglilitis ng paglayang may kundisyon. Dapat ay may kasamang nakasulat na kopya ng inyong pahayag ang anumang pasalitang presentasyon. Ang PBC ay

mangangailangan ng nakasulat na kopya ng inyong pahayag ng 30 araw bago ang paglilitis kung hindi ito nangangailangan ng pagsasalin at 45 araw bago ang paglilitis kung nangangailangan ito.

Maaari din kayong mag-apply sa Pondo para sa Mga Biktima (Victims Fund/Fonds d'aide aux victimes), na pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Katarungan ng Canada, para sa pinansyal na tulong upang makadalo sa mga paglilitis ng PBC sa may sala na nanakit sa inyo. Kailangan ninyong magparehistro sa CSC o PBC upang makuha ang tulong na ito. Ang Pondo para sa Mga Biktima ay nagbibigay din ng pinansyal na tulong para sa isang tagasuporta upang masamahan ang isang nakarehistrong biktima sa mga paglilitis ng PBC.

Para sa impormasyon tungkol sa Pondo para sa Mga Biktima, maaari ninyong bisitahin ang website ng Kagawaran ng Katarungan ng Canada sa: **[justice.gc.ca/eng/fund-fina/cj-jp/fund-fond/attend-audience](https://www.justice.gc.ca/eng/fund-fina/cj-jp/fund-fond/attend-audience)**.

## **Ibabahagi ba sa May Sala ang Impormasyon na Inyong Ibibigay?**

Ang personal na impormasyon tungkol sa inyo, tulad ng inyong tirahan, numero ng telepono at iba pang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay hindi ibabahagi sa may sala. Gayunpaman, inaatasan ng batas ang CSC at PBC na ibunyag sa may sala ang anumang impormasyon na isasaalang-alang sa proseso ng pagpapasya, kabilang na ang impormasyong ibinigay ng isang biktima, o isang buod ng impormasyong iyon.

## **Paano gagamitin ng CSC ang Impormasyong Ibinigay Ninyo?**

Kung naghain kayo ng isang Pahayag ng Epekto sa Biktima (Victim Impact Statement/Déclaration sur les répercussions sur la victime) sa hukuman sa panahon ng pagsesentensya, matatanggap ito ng CSC kasama ng iba pang mga dokumento ng hukuman na nasa file ng may sala. Sa anumang punto sa panahon ng pagsesentensya, maaaring magsumite ng nakasulat na pahayag na nagbibigay ng impormasyon upang matulungan ang CSC sa

kanilang proseso ng pagpapasya. Ang impormasyon tungkol sa biktima na ibinigay sa CSC ay ibinabahagi sa PBC at gagamitin:

- sa paggawa ng mga pasya sa antas ng seguridad ng institusyon na kinakailangan upang maprotektahan ang lipunan;
- sa paggawa ng isang rekomendasyon sa PBC kung dapat bang bigyan ang may sala ng isang kundisyonal na pagpapalaya, tulad ng paglayang may kundisyon at kung ano pa ang mga karagdagang espesyal na kundisyon na dapat ipataw sa pagpapalaya;
- sa paggawa ng mga pasya kung dapat bang palayain ang may sala sa isang pansamantalang pagliban o pagpapalaya para sa trabaho; at
- sa pagsusuri ng pangkalahatang panganib ng may sala na muling magkasala at kinakailangang mga programa.

## **Paano gagamitin ng PBC ang Impormasyong Ibinigay Ninyo?**

Ang impormasyong inyong ibinigay sa PBC ay isang mahalagang tulong sa pag-unawa sa kabigatan ng

nagawang pagkakasala at sa pagtatasa kung kinikilala ng may sala ang pinsalang nagawa niya. Ang impormasyong ito ay makakatulong sa PBC na masuri kung:

- ang may sala ay maari muling magkasala kung mapalaya sa kundisyonal na pagpapalaya; at
- maaaring mangailangan ng mga karagdagan kundisyon upang mapahalaan ang isang partikular na panganib sa lipunan na maaaring idulot ng may sala, lalo na kung ang may sala ay titira malapit sa inyo o isa siyang miyembro ng inyong pamilya.

Ang mga pagbabagong nakapaloob sa CVBR/CCDV ay nag-aatas sa PBC na magsama ng mga makatwiran at kinakailangang kundisyon sa kaligtasan ng biktima sa mga may sala na nasa ilalim ng isang Utos para sa Pangmatagalang Pangangasiwa (Long-term Supervision Order/ Ordonnances de surveillance de longue durée) kapag nagbigay ng isang pahayag ng biktima. Pinapayagan na ng CCRA/LSCMLC ang Lupon na magpataw ng mga kundisyon sa kaligtasan ng biktima sa mga may sala na nasa walang bantay na pansamantalang pagliban, paglayang may

kundisyon o pagpapalaya ayon sa batas. Halimbawa, ang Lupon ay maaaring magpataw ng isang kundisyon na hindi maaaring makipag-ugnayan sa inyo ang isang may sala o dapat magpanatili ng isang tiyak na distansya mula sa inyong tirahan

## **Naghahanda para sa Paglaya ng isang Pederal na May Sala?**

Kung mayroong kayong mga alalahanin sa kaligtasan tungkol sa kundisyonal na paglaya ng may sala na nanakit sa inyo, may ilang bagay na maaari ninyong paunang isaalang-alang na gawin bago ang pagbabalik ng may sala sa komunidad. Halimbawa:

- manatiling may alam – magparehistro sa CSC o PBC;
- sabihin sa CSC o PBC ang inyong mga alalahanin;
- sabihin sa inyong lokal na ahensya ng pulis ang tungkol sa nalalapit na paglaya ng may sala;
- humingi ng suporta sa komunidad;
- bumuo ng mga planong pangkaligtasan batay sa tiyak na mga pangangailangan at kalagayan

kabilang na ang mga personal na pamamaraan sa seguridad sa tahanan at sa publiko;

- panatilihin ang lahat ng dokumento tungkol sa may sala mula sa mga pulis, korte at pagwawasto/ paglayang may kundisyon at itala ang anumang (mga) hindi gustong pakikipag-ugnayan;
- iulat ng anumang mga bagong pagkakasala o paglabag na ginawa ng may sala; at
- humiling ng isang kasunduan sa kapayapaan (peace bond/engagement de ne pas troubler l'ordre public).

# Mga Serbisyong Pederal Para sa Mga Biktima

## Kaligatasan ng Publiko sa Canada: Pambansang Opisina para sa Mga Biktima

Ang Pambansang Opisina para sa Mga Biktima, Kaligatasan ng Publiko sa Canada (National Office for Victims, Public Safety Canada/Bureau national pour les victimes d'actes criminels, Sécurité publique Canada), ay gumaganap bilang isang sentral na mapagkukuhanan na nag-aalok ng impormasyon at suporta sa mga isyu ng pederal na pagwawasto. Bilang bahagi ng mandato nito, ang opisina ay:

- bumubuo ng mga produktong nagbibigay ng impormasyon para sa mga biktima ng mga pederal na may sala, mga tagapagtustos ng serbisyo sa biktima at ang pangkalahatang publiko;
- regular na sumasangguni sa mga biktima, mga tagapagtaguyod ng biktima at iba pang mga parokyano;

- tinitiyak na ang pananaw ng mga biktima ay nasasalamín sa pagbuo ng pambansang patakaran;
- nakikipagtulungan sa mahahalagang pederal at pamprobinsyang kasosyo tungkol sa mga umuusbong na isyu ng biktima; at
- namumuno at nakikilahok sa pagbuo ng patakaran at payo sa Ministro ng Kaligtasan ng Publiko at Pagiging Handa sa Emergency ng Canada (Minister of Public Safety and Emergency Preparedness Canada/Ministre de la Sécurité publique et de la Protection civile) sa mga isyu ng mga biktima, kabilang na ang mga reporma ng pederal na batas tulad ng CCRA/LSCMLC na may epekto sa mga biktima sa mga pagwawasto.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang website ng Pambansang Opisina para sa Mga Biktima (National Office for Victims/Bureau national pour les victimes d'actes criminels) sa:

**[publicsafety.gc.ca/nov](https://publicsafety.gc.ca/nov)**.

## **Serbisyong Pangwasto ng Canada: Yunit ng Serbisyo para sa Mga Biktima**

Bilang karagdagan sa pagpaparehistro ng mga biktima, ang Yunit ng Serbisyo para sa Mga Biktima (Victim Services Unit) ng CSC ay may mga nakalaang Panrehiyong Tagapamahala ng Serbisyo para sa Mga Biktima at Opisyal ng Mga Serbisyo para sa Mga Biktima na nagbibigay ng impormasyon na unang inilarawan tulad ng itinakda sa seksyon 26 ng Batas para sa Mga Pagwawasto at Kundisyonal na Paglaya (CCRA/LSCMLC). Ang Yunit ay nagbibigay ng abiso sa biktima, tumatanggap ng mga pahayag ng biktima, sumasagot ng mga katanungan ng mga biktima tungkol sa mga pederal na pagwawasto at pangangasiwa ng paglayang may kundisyon, at nagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga programa ng CSC sa pagbalik ng katarungan at ang mga serbisyo sa pag-aayos upang magkasundo ang biktima at may sala, pati na rin ng mga referral sa lokal, pamprobinsya, pederal at panteritoryong mga ahensya ng serbisyo para sa biktima. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa libreng tawag ng CSC sa **1-866-806-2275** o bisitahin ang

kanilang website sa: [canada.ca/en/correctional-service/services/you-csc/victims](https://canada.ca/en/correctional-service/services/you-csc/victims).

## **Serbisyong Pangwasto ng Canada: Yunit ng Pagbalik ng Katarungan**

Ang CSC nagbibigay ng mga serbisyo sa pag-aayos upang magkasundo ang biktima at may sala [victim-offender mediation (VOM)/médiation entre la victime et le délinquant (MVD)] sa pamamagitan ng kanilang programa ng Pagbalik ng Mga Pagkakataon [Restorative Opportunities (RO)/possibilités de justice réparatrice (PJR)]. Ang VOM ay nag-aalok sa mga biktima ng krimen ng pagkakataong makipag-ugnayan sa may sala na nanakit sa kanila sa tulong ang isang bihasang tagapag-ayos upang matugunan ang mga epektong sanhi ng krimen. Ang programa ng RO ay maaaring magbigay sa mga biktima ng pagkakataon na isalaysay ang kanilang kuwento, magtanong, papanagutin ang may sala at magkaroon ng katapusan ang ilang isyu. Ang VOM ay ginagabayan ng mga pangangailangan ng mga kalahok at maaaring isagawa sa maraming anyo kasama na ang pagsusulatan, mensahe sa video at/o isang harapang pulong.

Ang paglahok sa programa ng RO ay ganap na

kusang-loob. Upang malaman ang higit pa, maaari kayong makipag-ugnayan sa Yunit ng Pagbalik ng Katarungan (Restorative Justice Unit) ng CSC sa pamamagitan ng telepono sa **613-947-7309**, sa pamamagitan ng email sa, o bisitahin ang kanilang website sa: **[restorativejustice@csc-scc.gc.ca](mailto:restorativejustice@csc-scc.gc.ca)**, or visit their website at: **[canada.ca/en/correctional-service/services/you-csc/restorative-justice](https://canada.ca/en/correctional-service/services/you-csc/restorative-justice)**.

## **Lupon ng Paglayang may Kundisyon ng Canada: Mga Opisyal ng Panrehiyong Komunikasyon**

Ang PBC ay may isang koponan ng Mga Opisyal ng Panrehiyong Komunikasyon [mga Regional Communications Officers (RCOs)/Agents régionaux de communications (ARC)] sa bawat rehiyon upang magbigay ng impormasyon at mga serbisyo sa mga nakarehistrong biktima. Inirerehistro ng mga opisyal na ito ang mga biktima at nagbibigay ng impormasyon at patnubay sa mga biktima sa proseso ng pagpapasya at paglilitis ng paglayang may kundisyon. Ang mga RCO ay nagbabahagi rin ng mga pasya sa pagpapalaya sa mga nakarehistrong biktima kapag hiniling; ikinokonekta ang mga

biktima sa iba pang mga serbisyo at mapagkukunan; nagbibigay ng tulong sa mga biktima sa paghahanda ng mga pahayag ng biktima na ihaharap sa mga paglilitis ng PBC; at dumadalo sa mga paglilitis ng PBC kasama ang mga biktima upang sagutin ang mga tanong tungkol sa proseso.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa PBC sa **1-866-789-4636** o bisitahin ang website sa: [canada.ca/en/parole-board/services/victims](https://canada.ca/en/parole-board/services/victims).

## **Kagawaran ng Katarungan ng Canada: Sentro ng Patakaran para sa Mga Isyu ng Biktima**

Ang PCVI sa Kagawaran ng Katarungan ng Canada (Department of Justice Canada /Ministère de la Justice Canada) ay namumuno sa pagbuo ng pederal na patakaran na may kaugnayan sa mga biktima ng krimen sa pamamagitan ng:

- pagtulong sa mga biktima at kanilang mga pamilya na maunawaan ang kanilang papel sa sistema ng katarungan sa krimen at ang mga batas, mga serbisyo at tulong na magagamit

- upang suportahan sila;
- pagtiyak na ang mga pananaw ng mga biktima ay ganap na isinasaalang-alang kapag bumubuo ng mga may kaugnayang batas at mga patakarang pederal;
  - pagtaas ng kamalayan sa loob ng Canada at sa buong mundo tungkol sa mga pangangailangan ng mga biktima ng krimen at mga epektibong pamamaraan upang matugunan ang mga pangangailangang iyon.

Kabilang sa mga gawain ng PVCI ang:

- **pagkilos bilang isang “lente ng mga biktima”** para sa karamihan ng mga pederal na batas at mga gawaing nakakaapekto sa mga biktima ng krimen;
- **pagsasaliksik** ng mga isyu na may kaugnay sa biktima sa mga paksa tulad ng mga epekto ng mga reporma sa batas, pinakamahusay na mga gawi at mga umuusbong na isyu;
- **pangangasiwa sa Pondo para sa Mga Biktima (Victims Fund/Fonds d’aide aux victimes)**, isang pondo na sumusuporta sa mga proyektong nagtataas ng kamalayan at nagpapabuti ng mga serbisyo at tulong sa mga biktima ng krimen sa

buong Canada, at direktang nagbibigay sa mga biktima ng krimen ng limitadong pinansyal na tulong;

- **pagbibigay ng pampublikong legal na edukasyon at impormasyon** tungkol sa papel ng mga biktima sa mga sistema ng katarungan sa krimen at mga kaugnay na batas;
- **nakikipagtulungan nang husto sa iba pang mga pederal na kagawaran** na may responsibilidad para sa pagbibigay ng impormasyon at mga serbisyo sa mga biktima ng krimen; at
- **pagkonsulta** sa isang malawak na hanay ng mga parokyano upang ibahagi ang kaalaman at kadalubhasaan.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa PCVI sa pamamagitan ng pagtawag, nang libre, sa **1-866-544-1007** o bisitahin ang website sa **[justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimimes.html](http://justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimimes.html)**.

## **Pederal na Ombudsman para sa Mga Biktima ng Krimen**

Ang Opisina ng Pederal na Ombudsman para sa mga Biktima ng Krimen [Office of the Federal

Ombudsman for Victims of Crime (OFOVC)/Bureau de l'ombudsman fédéral des victimes d'actes criminels (BOFVAC)] ay isang nakapagsasariling pederal na opisina ng pamahalaan na kumikilos upang matiyak na nakakatugon ang pederal na pamahalaan sa mga responsibilidad nito tungkol sa mga biktima ng krimen. Ang OFOVC, na direktang nag-uulat sa Minister of Justice, ay tumutulong sa mga biktima ng krimen at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng:

- pagbigay-alam sa mga biktima tungkol sa mga pederal na programa at serbisyo na umiiral upang matulungan sila;
- pagtugon sa mga reklamo na ginawa ng mga biktima tungkol sa mga kagawaran, ahensya, empleyado, batas o patakaran ng pederal na pamahalaan;
- pag-refer sa mga biktima sa mga programa at serbisyo sa kanilang lungsod o probinsya na maaaring makatulong sa kanila;
- pagtukoy sa mga isyu na mayroong negatibong epekto sa mga biktima; at
- paggawa ng mga rekomendasyon sa pederal na pamahalaan kung paano magkakaroon ng

positibong pagbabago para sa mga biktima ng krimen.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng OFOVC sa **[canada.ca/en/office-federal-ombudsperson-victims-crime](https://canada.ca/en/office-federal-ombudsperson-victims-crime)**, o makipag-ugnayan sa OFOVC sa pamamagitan ng email sa **[victimfirst@ombudsman.gc.ca](mailto:victimfirst@ombudsman.gc.ca)**, sa pamamagitan ng telepono sa **613-954-1651, 1-866-481-8429** (libreng tawag) o sa pamamagitan ng fax sa **613-941-3498**.

# **Paano kayo maghahain ng reklamo kung naniniwala kayo na ang inyong mga karapatan bilang isang biktima ay hindi iginalang ng pederal na pamahalaan?**

Iniaatas ng CVBR/CCDV na magkaroon ang mga pederal na kagawaran at ahensya na nakikipagtulungan sa mga biktima ng krimen ng proseso para sa mga reklamo upang matugunan ang anumang mga paglabag sa mga karapatan ng biktima.

Kung naniniwala kayo na ang inyong mga karapatan sa ilalim ng CVBR/CCDV ay hindi iginalang ng CSC/SCC, PBC/CLCC, Royal na Nakatalagang Pulisya ng Canada [Royal Canadian Mounted Police (RCMP)/Gendarmerie royale du Canada (GRC)], ang Ahensya ng Mga Serbisyo sa Hangganan ng Canada [Canada Border Services Agency (CBSA)/Agence des services frontaliers du Canada (ASFC)], Kaligtasan ng Publiko sa Canada [Public Safety Canada (PS)/

Sécurité publique Canada (SP)] o ang Kagawaran ng Katarungan ng Canada [Department of Justice of Canada/ ministère de la Justice Canada(JUS)], o kung mayroon kayong reklamo tungkol sa isang pederal na piskal o mga serbisyo, pamamaraan, kasanayan o patakaran ng Pampublikong Serbisyo ng Pag-uusig ng Canada [Public Prosecution Service of Canada (PPSC)/Service des poursuites pénales du Canada (SPPC)], may karapatan kayong maghain ng reklamo sa may kaugnayang kagawaran o ahensya. Ang mga pederal na kagawaran at ahensya ng pamahalaan ay inaatasan ng batas na repasuhin ang inyong reklamo, gumawa ng mga rekomendasyon kung paano malunasan ang sitwasyon, kung maaari, at ipaalam sa inyo ang mga resulta ng kanilang pagrepaso at anumang mga rekomendasyon na ginawa.

Kung nais ninyong maghain ng reklamo sa ilalim ng CVBR/CCDV sa CSC/SCC, PBC/CLCC, RCMP/GRC, PS/SP, JUS o PPSC/SPPC, bisitahin ang sumusunod na webpage para sa impormasyon ng pakikipag-ugnayan at pagproseso: [publicsafety.gc.ca/cnt/cntrng-crm/crrctns/ntnl-ffc-vctms-mk-cmplnt-en.aspx](https://publicsafety.gc.ca/cnt/cntrng-crm/crrctns/ntnl-ffc-vctms-mk-cmplnt-en.aspx). Kung nais ninyong maghain ng reklamo sa ilalim ng CVBR/CCDV sa CBSA/ASFC, bisitahin ang

kanilang webpage ng Mga Papuri, Komento at Reklamo (Compliments, Comments and Complaints): [contact.cbsa-asfc.cloudnuage.canada.ca/Cipssubmissionform?lang=en\\_CA](https://contact.cbsa-asfc.cloudnuage.canada.ca/Cipssubmissionform?lang=en_CA).





**Scan the QR code  
for a fully accessible  
online version in  
English.**

[canada.ca/victims-crime-staying-informed](https://canada.ca/victims-crime-staying-informed)



**Balayez le code QR  
pour obtenir une  
version française en  
ligne entièrement  
accessible.**

[canada.ca/victimes-actes-criminels-tiennent-courant](https://canada.ca/victimes-actes-criminels-tiennent-courant)